Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Kabite
Bayan ng Heneral Trias

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG HENERAL TRIAS, KABITE NA GINANAP NOONG IKA-23 NG MARSO, 1992 SA BULWAGANG BARANGAY NG BAHAY PAMAHALAAN.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Rodolfo P. Satsatin . . . . | Pangalawang Punong Bayan/ Tagapangulo |
| Kgg. Cornelio S. Nocon . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ruben M. Parani . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Cornelio A. Grepo . . . . . | Kagawad/Maj. Floor Leader |
| Kgg. Bienvenido M. Custodio. . . | Kagawad |
| Kgg. Nimia T. Fortuno. . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Crispin P. Manalo . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Rodolfo S. Comandante . . . | Kagawad |
| Kgg. Abelardo S. Parani . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ricardo T. Borgonia . . . . | Kagawad/ABC President |
| Kgg. Clarita P. Campaña. . . . . | Kagawad/Industrial Sector |
| Kgg. Buenaventura M. Columna . . | Kagawad/Agricultural Sector |

DI DUMALO:

W a l a

KAPASIYAHAN BLG. 19-92

Sa mungkahi ni Kag. Clarita P. Campaña na pinangalawahan ng lahat, na

PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, ang isang ordenansa na nagtatakda ng Curfew Hours sa mga kabataang 18 taong gulang pababa at pagpapataw ng parusa sa lalabag sa kautusang ito at ito ay makikilala na Kautusang Pambayan Blg. 2-92, na mababasa gaya ng sumusunod:

KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 2-92

ISANG ORDENANSA NA NAGTATAKDA NG CURFEW HOURS SA MGA KABATAANG 18 TAONG GULANG PABABA AT PAGPAPATAW NG PARUSA SA LALABAG SA KAUTUSANG ITO.

Seksyon 1. - Na ang sinumang kabataang 18 taong gulang pababa ay di pahihintulutan na naglipana sa bayang ito sa pagitan ng ika-10:00 ng gabi hanggang sa ika-5:00 ng madaling araw maliban na lamang na kasama nila ang kanilang mga magulang, tagapag-alaga o tagapagtangkilik (guardian).

Seksyon 2. - Ang Punong Bayan at ang mga Punong Barangay ay may kapangyarihan na magbigay ng pahintulot sa mga kabataang 18 taong gulang pababa na ang kanilang pagtigil sa lansangan ay may kadahilanan gaya ng biglaang pangangailangan (emergencies), pagdalo sa mga pampublikong kasayahan, okasyon, pangyayari, sa mga gawaing paaralan at sa uri ng kanilang trabaho na nagtatapos ng lalampas sa ika-10:00 ng gabi. Na ang pahintulot na manggagaling sa Punong Bayan o Punong Barangay ay kinakailangang nakasulat.

BIENVENIDO M. CUSTODIO
ABELARDO S. PARANI
BUENAVENTURA M. COLUMNA
CORNELIO A. GREPO
RODOLFO S. COMANDANTE
CLARITA P. CAMPAÑA
RUBEN M. PARANI
CRISPIN P. MANALO
RICARDO T. BORGONIA
CORNELIO S. NOCON
NIMIA T. FORTUNO

Seksyon 3. - Na ang kautusang ito ay di magkakaroon ng bisa tuwing Bagong Taon, Mahal na Araw, Araw ng Kapistahan ng Bayan, Araw ng Halalan, Araw ng mga Patay at panahon ng Kapaskuhan mula Disyembre 16-31.

Seksyon 4. - Ang sinumang tao na mapatunayang nagkasala o lumabag sa kautusang ito ay magmumulta ng halagang ₱200.00 o dili kaya'y pagkabilanggo ng tatlong (3) araw o magkasamang parusa ayon sa pagpapasiya ng hukuman.

Seksyon 5. - Ang sinumang tao na magpanggap na siya ang magulang o tagapag-alaga ng nasabing kabataan na sinasaklawan ng ordinansang ito ay magdurusa din ng parehong kaparusahan.

Seksyon 6. - Na ang sinumang alagad ng batas, punong barangay o barangay tanod na magpabaya na arestuhin ang mga kabataang sakop ng ordinansang ito ay magdurusa rin ng parehong kaparusahan.

Seksyon 7. - Ang kautusang ito ay magkakabisa sa Marso 23, 1992.

SINANG-AYUNAN NG LAHAT.

<u>RESOLUTION NO. 20-92</u>

3/23

On motion of SB Member Bienvenido M. Custodio and duly seconded by SB Member Abelardo S. Parani, this body

RESOLVED, to enact an ordinance regulating the flow of Traffic Designating Parking Areas, loading and unloading zones and speed limits in the Poblacion, to be designated as Municipal Ordinance No. 3-92, to read as follows:

<u>MUNICIPAL ORDINANCE NO. 3-92</u>

AN ORDINANCE REGULATING THE FLOW OF TRAFFIC DESIGNATING PARKING AREAS, LOADING & UNLOADING ZONES AND SPEED LIMITS IN THE POBLACION.

Be it enacted by the Sangguniang Bayan in session assembled:

Section 1. - Gov. Ferrer Avenue is hereby declared a Two-Way thoroughfare for Private Vehicles, Cargo Trucks and Buses.

Section 2. - Gov. Ferrer Avenue is also declared One-Way thoroughfare for Baby Buses, Passenger Jeepney and Motorize Tricycles going North Direction Only.

Section 3. - 96th Street is a One-Way for Baby Buses, Passenger Jeepney and Motorize Tricycles from 6:00 AM to 6:00 PM.

Section 4. - Arnaldo Street Two-Way Lane for Passenger Jeepneys and Motorize Tricycles.

CORNELIO S. NOCON
RUBEN M. PARANI
CORNELIO A. GRAPO
BIENVENIDO M. CUSTODIO
NIMIA T. FORTUNO
CRISPIN P. MANALO
RODOLFO S. COMANDANTE
ABELARDO S. PARANI
RICARDO T. BORGONIA
CLARITA P. CAMPAÑA
BUENAVENTURA M. COLUMNA

Section 5. - Infront Roman Catholic Church is a One-Way road for Passenger Jeepneys and Motorize Tricycles and shall use the road infront of the Municipal Building for egress from 6:00 AM to 6:00 PM.

Section 6. - Infront Municipal Building is a Two-Way Lane for Private Vehicles, Cargo Trucks and Buses.

Section 7. - The Speed Limits inside the Poblacion Area shall be 15 kph.

Section 8. - The Traffic Division of the Local PNP shall designate Parking Area, Loading and Unloading Zones which shall be properly designated and marked.

Section 9. - The Traffic Violations originated from the Land Transportation Office will be incorporated to this Ordinance as legal basis for PNP Personnel assigned at Traffic Division and the penalties thereof which being imposed by the said Office shall be fixed and/or be lowered to the Minimal amount as approved by the Sangguniang Bayan.

Section 10. - Violations of this Ordinance is punishable by a fine not exceeding ₱100.00 or imprisonment for aperiod not exceeding 5 days, or both at the discretion of the Court.

Section 11. - This Ordinance shall take effect after publication.

UNANIMOUSLY ADOPTED.

SAPAGKA'T, ang Pangalawang Punong Bayan ay magbibitiw sa tungkulin sa dahilan na siya ay kakandidatong muli bilang konsehal ng bayan;

SAPAGKA'T, sa pagkakataong ito, ang Sangguniang Bayan ay magkakaroon ng isang puwesto na mababakante;

KUNG KAYA'T DAHIL DITO, iminungkahi ni Kag. Cornelio S. Nocon na pinangalawahan ni Kag. Clarita P. Campaña, na

KAPASIYAHAN BLG. 21-92

PAGTIBAYIN, at dapat na pagtibayin, na hilingin sa Punong Bayan na magtalaga ng isang kagawad sa mababakanteng puwesto sa Sangguniang Bayan.

SINANG-AYUNAN NG LAHAT.

RODOLFO P. SATSATIN
Panglawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

TEOFILO G. GREPO
Punong Bayan

PINATUTUNAYAN:

EUGENIA G. SAN JOSE
Kalihim

BIENVENIDO M. CUSTODIO
ABELARDO S. PARANI
BUENAVENTURA M. COLUMNA
CORNELIO A. GREPO
RODOLFO S. COMANDANTE
RUBEN M. PARANI
CRISPIN P. MANALO
CLARITA P. CAMPAÑA
CORNELIO S. NOCON
NIMIA T. FORTUNO
RICARDO P. BORGONIA